Bukod-Tangi

Unique

Kahit may paghiyaw sa 'king pangalan at
Kahit naririnig ang palakpakan ay
Ramdam ko ang pag-iisa

Kahit pa na ako'y habol-habulin at
Kahit marami mang tumatangkilik ay
Ramdam ko ang pag-iisa

Oh, ang pagkakakilanlan
Unti-unting naglalaho
Muli pa ba akong mabubuo

Kahit na magdamagan pang purihin at
Kahit pa na ako ang pag-usapan ay
Ramdam ko ang pag-iisa

Oh, ang pagkakakilanlan
Unti-unting naglalaho
Muli pa ba akong mabubuo
Oh, ang pagkakakilanlan
Unti-unting naglalaho
Muli pa ba akong mabubuo

Ramdam ko ang pag-iisa...

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!